Seattle Public Utilities

# 2019-20 MGA PATNUBAY

## Katumbas na Kaloob sa mga Walang-Aksayang Komunidad

## Ang mga aplikasyon ay nakatakda sa 5:00 PM ng Martsa 22, 2019

Ang Seattle Public Utilities (SPU) ay tumatanggap na ngayon ng mga aplikasyon para sa katumbas na kaloob para sa mga proyektong pang-komunidad na nakatuon sa pagpigil ng aksaya. Ang pagpigil ng aksaya ay nangangahulugan ng paggawa ng mas kakaunting aksaya sa pamamagitan ng pagbili at paggamit ng kaunti, paggamit ng mga nagamit na aytem, at pagbahagi o pagbigay ng mga aytem para magamit ng iba. Kapag tayo ay nagpigil ng aksaya, nakakatulong tayo sa kapaligiran, pagprotekta sa kalusugang pampubliko, pagtayo ng komunidad, at pag-ipon ng pera.

Ang mga layunin ng programang kaloob:

- Suportahan ang pamumuno ng komunidad at pagbabago sa paligid ng pagpigil ng aksaya.
- Pataasin ang pag-abot ng komunidad sa mga pagkakataon ng pagpigil ng aksaya.
- Bawasan ang dami ng mga materyales na napupunta sa aksaya sa Seattle.

Pagpondo:

- Mayroong kabuuang pondo na $100,000 na igagantipala para sa 2019-20 kaloob na siklo.
- Ang mga hiling ng kaloob ay maaaring mula $5,000 hanggang $20,000. Ang SPU ay naglalaan ng karapatan na mag-gantimpala ng mas maliit o mas malaking mga halaga.
- Ang mga gantimpalang kaloob ay babayaran base sa pagsasauli ng halagang nagugol.
- Ang mga kaloob na pondo ay kinakailangang gamitin sa loob ng 12 buwan ng paumpisang petsa ng proyekto. Ang kaloob ay hindi nagbibigay ng pondo para sa patuloy na mga proyekto.

## Sino ang Dapat Mag-aplay

Ang SPU ay naghihikayat ng mga aplikasyon mula sa:

- Mga hindi pangkalakal (non-profit)
- Mga grupo ng komunidad at kapitbahayan
- Mga negosyo
- Mga paaralan, kolehiyo at unibersidad
- Mga institusyon (katulad ng pangangalaga sa kalusugan o pabahay)
- Mga organisasyon base sa pananampalataya
- Mga Programa ng Kabataan at Bata

Ang mga aplikante ay maaaring magsumite ng mahigit sa isang aplikasyon, pero nararapat lang makatanggap ng isang paggawad ng grant.

Ang mga aplikante ay dapat magkaroon ng Washington State at Lungsod ng Seattle na mga lisensiya sa negosyo upang makatanggap ng mga pondong kaloob, o magtrabaho sa pamamagitan ng isang Piskal na Ahente sa mga kinakailangang mga lisensiya. Ang Piskal na Ahente ang hahawak ng pananagutan para sa pagtanggap at pangangasiwa ng mga pondong kaloob para sa iyong proyekto. Ang Piskal na Ahente ay maaaring maningil ng hanggang 10% ng gantimpalang kaloob, na maaaring isauli ng kaloob.

**Impormasyon sa lisensiya sa negosyo ng Lungsod ng Seattle:** https://www.seattle.gov/licenses/get-a-business-license/cost-of-a-business-license. **Impormasyon sa lisensiya sa negosyo ng Estado ng Washington:** http://bls.dor.wa.gov/faqlicense.aspx

## Muling Pag-apply

Maaaring muling mag-apply ang mga aplikante para sa grant sa bawat siklo ng pagpopondo sa pamamagitan ng:

- Muling pagsumite ng aplikasyon para sa proyekto na hindi nagawaran ng pagpopondo. Nirerekomenda namin na kontakin mo kami para malaman kung paano mo mapapabuti ang iyong aplikasyon para sa susunod na siklo ng pagpopondo.

- Pagsusumite ng aplikasyon para sa bagong proyekto.
- Pagsusumite ng aplikasyon para palawakin ang proyekto o ipatupad ang susunod na yugto. Dapat magpamalas ang aplikasyon ng dagdag na pagpigil sa basura. Ang mga pondo ng grant ay hindi maaaring gamitin para *panatilihin* ang proyekto sa umiiral na lebel ng pagpigil sa basura.

## Mga Kinakailangan sa Proyekto

Ang mga proyekto ay kinakailangang matugunan ang mga sumusunod na tatlong pamantayan para maka-aplay:

1. Ang mga proyekto ay dapat na maganap sa loob ng ng Hangganan ng Lunsod ng Seattle o May direktang epekto sa aksaya sa Seattle. Ang mga aplikante ay maaaring nasa labas ng Seattle, kung nakatuon ang proyekto sa Seattle.

   Tingnan online ang mas malaking bersyon ng mga Hangganan ng mapa ng Lungsod ng Seattle: http://clerk.ci.seattle.wa.us/~public/nmaps/fullcity.htm




2. Ang mga proyekto ay dapat na nakatuon sa pagpigil ng aksaya. Mga kasamang halimbawa:
   - Pagtuturo sa komunidad kung paano mapigil ang pag-aksaya
   - Pagbawas sa mga minsanang gamit na plastik tulad ng promosyon ng matibay na sisidlan ng pagkain at inumin
   - Pangangasiwa ng mga pagpupulong para matulungan ang mga tao na magkumpuni ng mga sirang aytem.
   - Pagsubok ng mga bagong estratehiya para mabawasan ang aksaya ng pagkain sa mga restawran
   - Paggawa ng app para matulungan ang mga tao na magbahagi ng pagkain at iba pang mga aytem
   - Pagbahagi ng mga kagamitan bilang komunidad, sa halip na ang lahat ay bumili ng sarili nila
   - Pag-abuloy ng pagkain, mga damit, o iba pang aytem para magamit ng iba
   - Gawing pampataba ng lupa o halaman ang basurang pagkain at bakuran sa paaralan para magamit sa paaralan o hardin ng komunidad
   - Iba pang mga malikhaing ideya na mayroon ka para mapigil ang aksaya!

   Ang kaloob ay <u>hindi</u> nagpopondo ng proyekto na nakatuon sa:
   - Paggamit na muli (recycling)
   - Offsite composting (naproseso at binenta sa ibang lugar)
   - Pagbabahagi sa bisikleta at pagbabahagi ng kotse

3. Ang mga proyekto ay kinakailangang gawin ang <u>isa or marami pa</u> sa mga sumusunod:
   - **Maging makabago:** subukin o palaguin ang mga bagong paraan o teknolohiya, katulad ng paglinang ng mga app o pagdala ng mga gawaan ng pagkukumpuni sa Seattle

     **AT/O**

   - **Makipag-ugnayan sa isa or marami pa sa mga sumusunod na komunidad:** mga komunidad ng kulay, mga imigrante, mga refugee, mababang-kita, mga taong may mga kapansanan, mga matatanda, mga kabataang may gulang, mga kabataan, mga bata, at/o mga maliliit na negosyo

     **AT/O**

   - **Tulungan ang mga komunidad na may pangangailangan:** tulad ng pagdagdag sa pagiging abot-kaya sa pagbibigay ng libre o murang dulugan o pagsasanay sa trabaho sa mga walang tirahan o mababa ang kita na mga komunidad

# Mga Kinakailangan sa Pagpondo at Pagtumbas

**PAGPONDO:**

- Mayroong kabuuang pondo na $100,000 na igagantimpala para sa 2019-20 kaloob na siklo.
- Ang mga hiling ng kaloob ay maaaring mula $5,000 hanggang $20,000. Ang SPU ay naglalaan ng karapatan na mag-gantimpala ng mas maliit o mas malaking mga halaga.
- Ang mga paggawad ng grant ay maaaring mas mababa sa hiniling na halaga ng diskresyon ng komite ng pagrepaso at SPU.
- Ang mga pondong kaloob ay babayaran base sa pagsasauli ng halagang nagugol. . Kung ang huling halaga ng nakumpletong proyekto ay mababa kaysa sa badyet, ang gantimpala ay babawasan.
- Ang mga kaloob na pondo ay kinakailangang gamitin sa loob ng 12 buwan ng paumpisang petsa ng proyekto. Ang kaloob ay hindi magbibigay ng pangmatagalang pondo para sa mga proyekto. Ang mga aplikante ay maaaring mag-aplay muli taun-taon para sa bago o pinalaking mga proyekto.

**MGA KINAKAILANGAN SA PAGTUMBAS:**

- Ang katumbas ay kinakailangang kalahati man lamang ng hiling na pondo (50 sentimong halaga para sa bawat dolyar na ginamtimpala ng Lunsod).
- Ang mga aplikante ay kinakailangang itala ang katumbas para makakuha ng kredito.
- Ang mga katumbas na kontribusyon ay maaaring sa-uri o pera.
- Ang mga mapagkukunan ng Lungsod ng Seattle katulad ng oras ng tauhan ng Lunsod, gamit ng mga pasilidad ng Lunsod, at/o ibang pondo ng Lungsod ay hindi mabibilang na parte ng katumbas.

**MGA INAATAS SA INSURANCE:**

Sa pangkalahatan, kakailanganin ng mga proyekto ang sumusunod na insurance:

- $1,000,000 sa Commercial General Liability (CGL) na insurance
- $1,000,000 in Commercial Automotive Liability insurance. Ang insurance ay dapat para sa paggamit ng komersiyal na sasakyan, hindi insurance ng personal na sasakyan. Maaaring ipaubaya ang inaatas na ito kung hindi kaugnay ng proyekto ang mga sasakyan, o kung gumagamit lang ang proyekto ng lisensiyado o komersiyal na nakasegurong serbisyong transportasyon o paghahatid.
- Worker's Compensation na insurance

Ang partikular na inaatas sa insurance ay iba-iba ayon sa proyekto. Magtatrabaho ang SPU sa mga proyektong napili para sa mga grant para matukoy ang mga inaatas ng insurance. Ang mga gastos sa insurance na partikular na proyekto ay maaarign isama sa iyong hiling sa grant, na may hanggang  $500 na mapopondohan sa pamamagitan ng  grant.

**MGA KATEGORYA NG GASTUSIN:**

Ang mga maaaring ibalik na gastusin at mga kontribusyong katumbas ay kinakailangang direktang kaugnay sa proyekto.

- Ang mga kontribusyong katumbas ay maaaring magsimula sa takdang petsa ng aplikasyon.
- Ang mga maaaring ibalik na gastusin ay maaaring magsimula kapag ang kontrata sa Lunsod ay napirmahan.

| | Mga Maaaring Ibalik na Gastusin | Katumbas |
|---|---|---|
| Oras ng kawani na dedikado sa proyekto (maaaring kasama ang overhead) | ✓ | ✓ |
| Mga panustos ng proyekto, materyales at kagamitan | ✓ | ✓ |

| | Mga Maaaring Ibalik na Gastusin | Katumbas |
|---|---|---|
| Ang mga serbisyong kaugnay sa proyekto katulad ng interpretasyon, limbag, at disenyo. | ✓ | ✓ |
| Mga upa sa lugar para sa mga aktibidad ng proyekto | ✓ | ✓ |
| Pagkain at inumin para sa kaugnay ng proyekto na aktibidad, hindi kasama ang mga alcoholic na inumin<br>(ang halaga sa bawat tao ay dapat makatwiran para sa proyekto, na may hanggang $10 bawat tao) | ✓ | ✓ |
| Mga insentibo para sa mga kasali sa proyekto<br>(ang halaga sa bawat tao ay dapat makatwiran para sa proyekto) | ✓ | ✓ |
| Parada at milyahi na kaugnay sa proyekto sa loob ng Seattle (ang bayad ay ayon sa halaga ng milyahi ng pederal) | ✓ | ✓ |
| Mga kabayaran sa Piskal na ahente (hindi maaaring humigit sa 10% ng kabuuang gantimpala ng proyekto) | ✓ | ✓ |
| Mga gastos na partikular sa proyekto na mas mataas sa karaniwan mong coverage<br>(ang halaga ng insurance ay dapat makatwiran para sa mga kinalalabasan ng proyekto, na may hanggang $500 na mapopondohan sa pamamagitan ng grant) | ✓ | ✓ |
| Oras ng mga boluntaryo na dedikado sa proyekto (nagkakahalaga ng $24/oras) | | ✓ |
| Mga gastusin sa pagbibyahe sa labas ng Lungsod na kaugnay sa proyekto | | ✓ |
| Ibang mga kaloob na pondo o mga kontribusyong salapi sa proyekto (hindi kasama ang ibang pondo mula sa Lungsod ng Seattle) | | ✓ |

## Proseso ng Aplikasyon

**ISKEDYUL:**

| | |
|---|---|
| **Takda ng Aplikasyon** | Martsa 22, 2019 |
| **Abiso ng mga Desisyon** | Mayo 2019 |
| **Mga kontrata na may Pirma ng Lungsod** | Sa Hulyo 2019 |
| **Simula ng Trabaho** | Hulyo-Oktubre 2019 |
| **Nakumpletong Trabaho** | Sa loob ng 12 buwan ng panimulang petsa ng proyekto |

**MGA HAKBANG NG APLIKASYON:**

**Hakbang 1: Basahin ang Mga Gabay**

**Hakbang 2:** Kontakin kami

- Kumpirmahin na ang iyong proyekto ay karapat-dapat
- Magtanong tungkol sa mga patnubay at aplikasyon

**Hakbang 3: Magpunta sa isa sa mga sesyon ng impormasyon ng kaloob (OPSYONAL)**

| North Seattle | Central Seattle | South Seattle | West Seattle |
|---|---|---|---|
| Enero 15, 2019 | Enero 26, 2019 | Pebrero 4, 2019 | Pebrero 9, 2019 |
| 5:30-7:00 PM | 12:00-1:30 PM | 5:30-7:00 PM | 12:00-1:30 PM |
| Green Lake Library | Montlake Library | Columbia Library | Delridge Library |
| 7364 E Green Lake Dr N | 2401 24th Ave E | 4721 Rainier Ave S | 5423 Delridge Way SW |

Pakiusap na humiling ng interpretasyon ng wika o ibang mga akomodasyon na **hindi bababa sa isang linggo** bago ang sesyon ng impormasyon.

**Hakbang 4: Isumite ang iyong aplikasyon ng kaloob ng nakalimbag o sa anyong bidyo sa Martsa 22, 2019.**

- Pormularyo ng Aplikasyon na Limbag (kinakailangan na hindi hahaba sa 7 pahina)
- Mga Instruksiyon ng Aplikasyon na Bidyo (kinakailangan na hindi hahaba sa 20 minuto)
- Pormulayo ng Aplikasyon ng Badyet (para sa kapwa mga aplikasyon na limbag or bidyo)

Ang mga aplikasyon ay maaaring isumite sa iyong ginustong wika. Ang SPU ay magbibigay ng pagsasalin/interpretasyon.

## Pagsusuri ng Aplikasyon

**PANGKAT NG PAGSUSURI**

Ang pangkat na susuri ng kaloob ay binubuo ng mga myembro ng komunidad at tauhan ng Lungsod ng Seattle mula sa mga samu't saring karanasan at sukat ng kadalubhasaan.

**PAMANTAYAN NG PAGSUSURI:**

Ang mga proyekto ay unang susuriin para masiguro na natamo nila ang mga kinakailangan ng proyekto. Pagkatapos ang pangkat na susuri ng kaloob ay bibigyan ng antas ang mga karapat-dapat na proyekto base sa anim na pamantayan ng pagpipili na nakalarawan sa ibaba. Ang SPU ay isasaalang-alang din ang pagkakaiba ng heograpikal na lokasyon, mga apektadong komunidad, at mga tipo ng proyekto.

1. **(30%) Pagpigil ng Aksaya:** Ang potensyal ng proyekto na mapigilan ang aksaya.
    - Masusukat ba ng proyekto ang tagumpay?
    - Ano ang potensyal sa pagbabawas ng libra at bilang ng mga materyales na pumapasok sa daloy ng aksaya?
    - Ano ang potensyal para sa abot ng komunidad at pagbababago ng ugali?
    - Paano tutuloy ang apekto ng pagpigil ng aksaya ng proyekto pagkatapos na matapos ang kaloob?

2. **(15%) Pagbabago:** Ang paggamit ng bagong mga paraan o teknolohiya ng proyekto.
    - Paano susubukan o palalaguin ang proyekto ng mga bagong paraan o teknolohiya?
    - Maaari bang kopyahin ang proyekto ng mga iba sa komunidad?
    - Paano maibabahagi sa komunidad ang mga pamamaraan at kalalabasan ng proyekto?

3. **(15%) Pakikipag-ugnayan sa Komunidad:** Ang potensyal ng proyekto na makipag-ugnayan sa mga komunidad ng epektibo sa loob ng pagpigil/paggamit muli.
    - Gagamit ba ang proyekto ng mga estratehiyang pakikipag-ugnayan na epektibo sa madla?
    - Paano lalahok ang mga apektadong komunidad sa pagpaplano at implementasyon ng proyekto?
    - Paano magiging kasosyo ng proyekto ang komunidad?
    - Paano makipag-ugnayan ang proyekto sa mga komunidad na may kulay, mga imigrante, mga refugee, mababang-kita, mga taong may mga kapansanan, mga matatanda, mga kabataang may gulang, mga kabataan, mga bata, at/o mga maliliit na negosyo?

4. **(15%) Mga Benepisyo sa Komunidad:** Ang potensyal ng proyekto na makapagbigay ng mga benepisyo sa komunidad.
    - Paano magbebenepisyo ang proyekto sa komunidad (katulad ng pagpapabuti ng kalusugan ng publiko, pagbibigay ng trabaho o kakayanan sa trabaho, o pagbibigay ng libre- o mababang-halagang mapapagkunan)?
    - Gaano makakapagbigay benepisyo ang proyekto sa komunidad na pinakahigit na nangangailangan, katulad ng mga walang tahanan o mababang-kita na mga komunidad?

5. **(15%) Kapasidad ng Proyekto:** Ang potensyal ng proyekto na magtagumpay base sa kapasidad..
    - Mayroon bang sapat na tauhan, mga kasosyo, mga boluntaryo, at mga pinansyal na pamamaraan para maging tagumpay ang proyekto?
    - Nakaseguro na ba ang mga pagsososyo?
    - Ang proyekto ba ay may kaalaman, kakayanan, karanasan, at mga relasyon para maging tagumpay?

6. **(10%) Badyet:** Ang potensyal ng proyekto na magtagumpay base sa pinukalang badyet.
    - Ang badyet ba ay alinsunod sa panukala ng proyekto?
    - Ang mga tantya ba ng badyet ay wasto?
    - Lahat ba ng mga gastusin ay angkop sa kaloob?
    - Ang hiniling ba na halaga ay makatwiran para sa mga inaasahang kalalabasan?

## Pangongontrata at Kabayaran

**PANGONGONTRATA:**

- Ang mga nagkamit ng gantimpala ay dapat magkaroon ng WashingtonState at Lungsod ng Seattle na mga lisensiya sa negosyo upang makatanggap ng mga pondong kaloob, o magtrabaho sa pamamagitan ng isang Piskal na Ahente sa mga kinakailangang mga lisensiya.
- Ang mga nagkamit ng gantimpala ay dapat na pumirma ng kontrata sa SPU para matanggap ang kaloob na pondo. Sa kontrata ay kasama ang mga karagdagang mga tuntunin at kondisyon ng kaloob.
- Ang mga nagkamit ng gantimpala ay maaaring pangasiwaan ang kanilang mga kaloob na pondo o gumamit ng piskal na ahente. Ang mga kabayaran sa piskal na ahente ay maaaring singilin sa kaloob o i-aplay sa katumbas na kontribusyon. Ang mga nagkamit ng gantimpala na piniling hindi gumamit ng piskal na ahente ay kinakailangang magbigay ng sarili nilang numero ng buwis pagkakilanlan at sumunod sa mga tuntunin ng Internal Revenue Service.
- Ang kaloob ay magsasauli lamang ng mga gastusin na naganap pagkatapos na mapirmahan ang kontrata.

**MGA PISKAL NA AHENTE:**

- Ang mga aplikante ay maaaring pumili na magtrabaho sa pamamagitan ng isang Piskal na Ahente na may hawak ng pananagutan para sa pagtanggap at pangangasiwa ng mga kaloob na pondo para sa proyekto.
- Ang mga aplikante ay responsable para sa pagkilala ng kanilang sariling Piskal na Ahente at ikumpirma na ang Piskal na Ahente ay may kasalukuyang mga lisensiya sa negosyo ng Washington State at Lunsod ng Seattle.
- Mga Piskal na Ahente ay maaaring maningil ng bayad na hanggang 10% ng kaloob na gantimpala. Maaari mong isama ang singil na ito sa badyet ng iyong proyekto.

**KABAYARAN:**

Ang mga nagkamit ng gantimpala ay magsusumite ng buwanan o kada-ikatlong buwan na mga singilin para sa mga halagang may kaugnay sa proyekto. Iko-koreo ng SPU ang mga tsekeng kabayaran sa loob ng apat na linggo ng pagkatanggap ng singilin. Ang bayad ay maaantala kung ang mga singilin ay hindi kumpleto o may mga kulang na kailangang ulat at dokumentasyon.

**PAG-UULAT:**

- Ang mga nagkamit ng gantimpala ay kinakailangang magsumite ng ulat ng progreso na kasama ng bawat singilin.
- Bago matanggap ang huling kabayaran ng kaloob, ang mga nagkamit ng gantimpala ay kinakailangang magsumite ng huling ulat na binabahagi ang mga kinalabasan at mga leskyong natutunan sa proyekto. Ang ulat ay maaaring ipaskil sa website ng SPU.

## Kontakin Kami

Kontakin wastefreegrants@seattle.gov o (206) 684-7868 para sa tulong na Ingles o mga wikang hindi nakalista sa ilalim.

Para sa tulong sa mga sumusunod na wika, kontakin ang aming kasosyo, ECOSS sa info@ecoss.org o (206) 767-0432 ext. 1009. Mangyaring mag-iwan ng mensahe at mayroong babalik sa inyong tawag.

- Amharic
- Cantonese
- Khmer
- Koreano
- Mandarin
- Somali
- Espanyol
- Tigrigna
- Vietnamese